# MASAYANG BAHAGI

## SINAUNANG PROPETA, MAKABAGONG PROPETA


Bagama't isinilang sila na mahigit 2,500 taon ang pagitan, maraming pagkakatulad sina Pangulong Russell M. Nelson at Jeremias ng Lumang Tipan! Masasagot mo ba kung sino sa kanila ang gumawa ng mga ito? Sa bawat aytem, bilugan kung ito ay ginawa ni Pangulong Nelson, ni Jeremias, o pareho.




VAL CHADWICK BAGLEY

1. Naglingkod bilang propeta o apostol nang *mahigit* 40 taon
2. Naglingkod bilang propeta o apostol sa loob ng *halos* 40 taon
3. Nagsulat ng mahigit 100 mensahe sa kumperensya o mga kabanata ng Lumang Tipan
4. Nagsulat ng 50–100 mensahe sa kumperensya o mga kabanata ng Lumang Tipan
5. Nagturo sa mga tao tungkol sa pagtitipon ng Israel
6. Nakibahagi sa pakikidigma sa ibang bansa
7. Na-convert sa Simbahan
8. Nagkaroon ng isang anak na lalaki
9. Naging propeta sa loob ng pamumuno ng apat na iba't ibang hari o pangulo sa kanyang bansa
10. Nakatulong na palakasin ang Simbahan sa Asia at Europa
11. Nagkaroon ng malalapit na kapamilya na hindi gaanong aktibo sa Simbahan
12. Nanirahan nang ilang panahon sa ibang bansa

Tingnan ang mga sagot sa pahina 31.




## PALAISIPAN NA KONSTELASYON

Sa pahina 2, nalaman natin ang tungkol sa pagkahilig ni Laysa sa astronomiya. Mahahanap mo ba ang anim na konstelasyon na nasa kaliwa sa mga larawan ng mga bituin sa nasa kanan? *Hint:* Hindi lahat ng ito ay nakaharap sa parehong direksyon!

MGA LARAWANG-GUHIT NI DAVID KLUG

## PAG-ALAALA SA MGA YUMAO



Sa buong Latinong Amerika, ipinagdiriwang ng maraming tao ang "El Dia de Los Muertos" sa mga unang araw ng Nobyembre sa pamamagitan ng pag-alaala sa kanilang mga ninuno.

Ang isang masayang paraan upang maalala *mo* ang *iyong* mga ninuno ay sa pamamagitan ng pag-alam at pagbabahagi ng kanilang mga kuwento. Halimbawa, nalaman ni Thia na nawalan ng braso ang kanyang Lolo habang pinapatay ang isang leon na nanggugulo sa kanyang bayan sa Rhodesia noong dekada 1920.

Maaari kang magsimula sa pakikipag-usap sa iyong mga magulang o lolo't lola tungkol sa mga kuwentong naaalala nila, o maaari kang mag-set up ng family history account sa FamilySearch.org. Kung may malalaman kang anumang masasayang kuwento tungkol sa iyong mga ninuno habang ginagawa mo ito, ipaalam sa amin sa **ftsoy@ChurchofJesusChrist.org**.